
LEVEL 3

# Leveled Reader
## in Filipino


# Sa Loob ng Isip ni Laya



Isinulat ni Hyeli Ju
Iginuhit nina Raina Yoo, Yurina




Isang kahon ng pangkulay ang pinakatatanging kayamanan ni Soo na mula sa kaniyang lolo. Araw-araw siyang lumilikha ng isang malawak at makulay na mundo sa kaniyang papel.




Naglalakad si Soo papuntang paaralan. Ngunit ngayon ay mas mabilis kaysa sa nakasanayan ang kaniyang paglalakad. Ngayon ang araw na magagamit niya ang kaniyang pinakatatanging pangkulay.



Isang kahon ng pangkulay ang pinakatatanging kayamanan ni Soo na mula sa kaniyang lolo. Araw-araw siyang lumilikha ng isang malawak at makulay na mundo sa kaniyang papel.



Naglalakad si Soo papuntang
paaralan. Ngunit ngayon
ay mas mabilis kaysa sa
nakasanayan ang kaniyang
paglalakad. Ngayon ang araw na
magagamit niya ang kaniyang
pinakatatanging pangkulay.



“Ang dahon kapag tag-araw ay luntiang-dilaw ang kulay, subalit sa panahon ng taglagas ito ay nagiging mapula-pula at kulay tsokolate,” sa isip ni Soo.



“Ano mang kulay ito, lahat ng ito ay magaganda.”



Oras na para sa sining. Nagningning ang mga mata ni Soo. Nakinig siya nang mabuti sa kaniyang guro habang ito ay nagsasalita.




“Tayo ay guguhit ng isang espesyal na bagay sa araw na ito,” wika ng guro. “Ibig ba ninyong malaman kung paano iguguhit ng inyong mga kaibigan ang inyong mukha?”




“Tingnan at pagmasdan ninyong mabuti ang mukha ng inyong mga kaibigan. Una, iguhit natin ang mga mata.”



Sinimulan ni Soo at ng kaniyang mga kaibigan na iguhit ang kanilang mga mata, ilong, labi, at tainga. Pagkaraan ng ilang sandali, sinabi ng guro, “Ngayon, kulayan natin ang mukha.” Magkaparehong kulay ang kinuha ng lahat, at nagsimula nang magkulay.



Tiningnan ni Soo ang kapareha niyang si Jun at inisip kung anong kulay ang kaniyang gagamitin. “Mukhang malalim ang iniisip ni Jun. Maaaring ito rin ang iniisip ni Jun,” sa isip ni Soo.




Nakatitig si Jun sa kaniyang papel. “Jun, gusto mo bang marinig ang kuwento ng lolo ko tungkol sa mga pangkulay?” tanong ni Soo.
Tumango naman si Jun.



“Noon, ang kulay na ito ay tinatawag na *flesh*,” kuwento ni Soo.

“Flesh?” tanong ni Jun.


“Oo. Flesh. Pero hindi lahat ng balat ay pare-pareho ng kulay ‘diba? Kagaya ng mga rosas na maaaring maging dilaw, pula, rosas, o puti.”



Ang nakikinig na guro ay napangiti at nagsabing, "Tama ka, Soo. Pagkatapos ay pinalitan nila ang flesh at ginawang *light orange*."

"*Light orange*?" gulat na usisa ni Rumi.


"Kakaiba ang tunog na light orange, 'diba?" dagdag pa ng guro.




“Kaya naman napagpasyahan nilang tawagin itong *apricot*. At alam mo ba? Ang mga kabataan ang nagsabing palitan ang pangalan ng kulay,” salaysay ng guro.




“Kagaya ng matatapang na mga batang iyon, at ng kanilang mga nagawa, marami rin kayong mga bagay na kayang gawin. Kaya ngayon ay tulungan natin ang isa’t isa hanggang sa matapos natin ang ating mga iginuguhit.”



Malaki ang ngiti sa mga mukha nina Soo at Jun. At nagkaroon ng idea si Soo.




“Ito ang kulay ng aking mukha tuwing tag-init,” sa isip ni Soo. Iniabot niya kay Jun ang kayumangging pangkulay.

“Soo, sa tingin ko ay hindi ito ang kulay ng iyong mukha,” sabi ni Jun.



“Oo, ito ang kulay ng aking balat pagkatapos kong lumangoy sa dagat kapag tag-init” bulalas ni Soo.




Binigyan ni Jun ng pulang pangkulay si Rumi. "Gusto kong pula ang kulay ng aking mukha! Iyan ang mukha kong galit sa tuwing nakikipag-away ako sa aking kapatid na lalaki!" Bumulong naman si Rumi, "Nagiging kulay rosas naman ang aking mukha kapag iniisip ko si Soo. Sobrang gusto ko siya..." Natapos ng anim na bata ang kanilang mga iginuguhit.



Nagagalak na umuwi si Soo
habang mahigpit na yakap
ang mga larawang iginuhit ng
kaniyang mga kaibigan para
sa kaniya.
Naisip niyang ilagay ito sa lugar
kung saan makikita ng lahat.






Ang kakayahan ng bata!



‘Ang Mukha ng Aming Guro’
guhit nina Soo, Jun, at ng
kanilang mga kaibigan



"Ang mga batang katulad natin ay may kapangyarihang baguhin ang mundo!"



Ang librong ito ay batay sa totoong kuwento na naganap sa Timog Korea noong 2001 hanggang 2004.



SA KALIWA: Ang dayuhang unang nakaisip na baguhin ang pangalan ng kulay flesh, nakatayo kasama ang lolo ni Soo na tumulong upang ito ay maisakatuparan, kuha noong 2001 .

SA KANAN: Litrato ni Soo at ng kaniyang pamilya.



Isang nakakuwadrong larawang kuha noong 2004 nang isulong ng guro ni Soo at mga mag-aaral ang pagpapalit ng pangalan ng light orange sa apricot.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation